VM Rowena Bautista Mendiola: We are celebrating! P7

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 21 10.00 FEBRUARY 20 - 26, 2023

## ICC probe: Banta sa sekuridad ng Pilipinas

Page 2


Pres. MARCOS JR.


Presidential Legal Adviser ENRILE

# Another new school coming for Tanza students, families



*Tanza Mayor Yuri Pacumio during the groundbreaking event for the construction of Punta Uno National High School.*

**by DOMZ B. CAOILE –** A new two-story national high school is coming to Tanza and its neighboring localities, giving hundreds of students a modern place to go to school as more education investments are made to support one of Cavite's fastest-growing municipality.

In January 11, this year, Tanza Mayor Yuri Pacumio has led the groundbreaking ceremony for the construction of the school building in Barangay Punta Uno.

In his message during the ceremony, Mayor Pacumio said that when complete, the school would be named Punta Uno National High School.

The school project is a collaboration between the local government of Tanza and the Department of Education (DepEd).

"Hakbang ito ng LGU ng Tanza at ng DepEd upang madagdagan ang paaralan sa bayan," the mayor said.

DepEd officials said that the new school is a fullfilment of their mandate by increasing access to affordable, quality and inclusive education in Cavite, particulary in fastest-growing municipality of Tanza.

Mayor Pacumio, in his message noted that many prominent personalities of Cavite were products of public schools.

What the mayor said is true: one of Cavite's prominent public servant was former Governor Juanito 'Johnny' Remulla Sr. who rose from lowly beginnings to prominence of being able to acquire good public education.


*DepEd officials with Mayor Pacumio breaking the grounds.*

The former governor came from a poor family in Barangay Toclong and was a valedictorian in Medicion Elementary School in Imus.

After finishing high school at Lacson Law College, Remulla enrolled at the College of Law at University of the Philippines and landed fourth place in the bar examinations in 1956.

Mayor Pacumio said the new school is located right in the heart of lower income families to give their children the positive, inspiring and engaging learning experience they deserve – close to home.

The local chief executive added that is the reason why he has always been supportive of the education sector of his town.

Mayor Pacumio called the construction of the Punta Uno High School an answered prayers and that it was only fitting to provide the municipality's students to have a new and modern school that is more conducive to learning.





SM Prime Holdings Pres. Jeffrey LIM

## SM Prime's Net Income Reaches Php30 billion in FY2022

SM Prime Holdings, Inc. (SM Prime), one of the leading integrated property developers in Southeast Asia, registered a PHP30.1 billion consolidated net income in 2022, 38% higher than PHP21.8 billion in 2021.

This is supported by PHP105.8 billion in consolidated revenues, which was a 29% increase from last year's PHP82.3 billion. Consolidated operating income went up by 52% to PHP49.2 billion from PHP32.4 billion in the previous year.

Mr. Jeffrey Lim, SM Prime president said the Holdings is pleased to report that 2022 ended on a positive note "despite the challenges faced for the most of the year, owing to the robust consumer spending particularly in the last quarter."

He added: "We will continue to monitor this trend and watch out for impact of movements in the inflation and interest rates, including impact on our supply chain. Meanwhile, we are poised to build on the growth momentum and proceed to expand our footprint in key areas in the country."

*See page 2*

# ICC probe: Banta sa sekuridad ng Pilipinas

Walang kapangyarihan ang International Criminal Court (ICC) na makialam, mag-imbestiga sa anti-drug war ni dating Presidente Rodrigo 'Digong' Duterte.

Ito ang deretsang sagot ni Presidente Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. (PBBM) sa tanong kung papasukin ang ICC investigator para mangalap ng ebidensiya para mausig si Duterte.

Tayo (Pilipinas), sabi ni PBBM ay isang malaya at makapangyarihang bansa at may sariling batas na ipinasusunod sa lahat ng mamamayan.

Ayon kay Prez. Marcos, maituturing na banta sa sekuridad ang nais gawing imbestigasyon ng ICC.

Hindi niya papayagan na makialam ang ICC sa panloob na bagay sa Pilipinas, at ito ay nasabi na niya bago pa siya nanumpa bilang Presidente.

"My position has not changed. I have stated it often, even before I took office as President that there are many questions about ICC's jurisdiction and what we in the Philippines regard as an intrusion into our internal matters and a threat to our sovereignty," sabi ni PBBM.

Walang dahilan para magpasakop ang Pilipinas sa kapangyarihan ng ICC, dagdag pa ng Pangulo, dahil may maayos na sistema ng hustisya at gumagana ang pulisya.

"Hindi natin kailangan ang tulong ng ibang ahensiya," sabi ni Marcos sa wikang English.

Pinararatangan ang administrasyon ni Duterte na maraming ipinapatay sa inilunsad na giyera laban sa mga nagnenegosyo ng ilegal ng droga sa Pilipinas.

Sa programa sa radio na "Bayan ni Juan," sinabi ni dating Senate President Juan Ponce Enrile (JPE) na ipakukulong ang mga imbestigador ng ICC sa oras na tumuntong sila sa bansa.

Panghihimasok sa soberanya ng Pilipinas ang gagawin ng ICC, sabi ni Enrile na tumatayong presidential legal adviser ni Marcos.

Bumitaw na ang Pilipinas bilang kasapi ng ICC kaya hindi na tayo dapat pang makisali sa anomang gawain nito, sabi ni JPE.

Kumalas ang bansa sa ICC sa panahon ni Duterte.

Hindi kailangan ng Pilipinas ang ICC at wala itong kapangyarihan ipatupad ang batas nito sa bansa, paliwanag ni Enrile na nakapaglingkod sa gobyerno sa loob ng mahigit na 60 taon.

Dating defense, finance secretary si JPE sa administrasyon sa ama ni PBBM, si dating Pres. Ferdinand E. Marcos Sr.


Hindi dapat isuko ng Pangulo sa ICC ang kapangyarihan hatulan ang legalidad at moralidad ng mga pagpatay na may kinalaman sa pagpapatupad ng batas sa Pilipinas, sabi ni Enrile.

Malilit na bansa lamang ang kaya ng ICC -- na hinamon nito na makialam sa mga pagpatay at pagpapatupad ng batas sa China, Russia at United States.

Kung siya ang makakatungali sa korte, hindi mananalol ang mga hukom ng ICC, sabi ni JPE -- na nagdiwang ng ika-99 anyos na kaarawan nitong Pebrero 14.

"Many of those (ICC judges) that end up in the international agency is dumb," dagdag ni Enrile.

Kumalas ang Pilipinas sa ICC noong Marso 17, 2019, magtapos na mabvuwag ang Rome Statute na lumikha sa ICC.




## SM Prime's Net... *from page 1*

SM Prime's Philippine mall business, which accounts for 47% of the Company's consolidated revenues, registered PHP49.8 billion in revenues in 2022, more than double the PHP24.1 billion in the previous year.

With the resumption of full rental fees in the second half of 2022, SM Prime's local mall rental income went up by 92% to PHP44.1 billion from PHP23.0 billion in 2021.

With the notable development in the entertainment industry, SM Prime's cinema, event ticket sales, and other revenues recorded PHP5.7 billion, higher than last year's PHP1.1 billion.

In 2022, SM Prime expanded certain malls and opened four new malls in the Philippines namely SM City Roxas in Capiz, SM City Tanza in Cavite, SM City Sorsogon in Bicol, and SM City Tuguegarao in Cagayan.

As of December 2022, SM Prime has 82 malls in the Philippines, consisting of 58 malls in the provincial areas, and 24 malls in Metro Manila.

SM Prime remains committed to its role as a catalyst for economic growth, delivering innovative and sustainable lifestyle cities, thereby enriching the quality of life of millions of people.

# Sangley Pt. International Airport itatayo na

**ni ADELA R. ZAMORA** – Kapag naitayo na ang bagong paliparan sa Cavite City, hindi na kailangang lumapag o umalis sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA) ang maraming pasahero mula sa Cavite at iba pang lalawigan sa Southern Luzon.

Mangyayari ito kapag inumpisahan nang maitayo ang Sangley Point International Airport (SPIA) kasunod ng lagdaang nangyari nitong Lunes, Pebrero 10 sa pagitan ng pamahalaang lalawigan ng Cavite at ng consortium na pinamumunuan ng magagaling na negosyanteng Virata, Yuchengco at Tan.

Sa kasunduan, itatayo ang modernong paliparan na gagastusan ng $11 bilyon na tatapusin ang unang bahagi sa 2028.

Inaasahang makapagbibigay ng trabaho sa maraming Cavitenyo ang proyekto, ayon kay Governor JonVic Remulla na nanguna sa seremonya sa pirmahan na kasama ang mga kinatawan ng Cavitex Holdings ng pamilya Virata, House Investments, Inc. ng pamilya Yuchengco; MacroAsia Corp., at kompanya ng aviation ng pamilya ni Lucio Tan.

Iba pang kasama sa proyektong ito ay Samsung C&T Corp., isang kilalang kompanya sa konstruksiyon ng South Korea at ng Munich Airport International, na pag-aari ng Flughafen München GmbH ng Germany at Arup, kompanyang nakabase sa United Kingdom.



*Nagpakuha ng larawan ang mga opisyal ng consortium matapos ang lagdaan, kasama si Gov. JonVic Remulla (ikaapat, mula sa kanan) at sina Cavite City Mayor Denver Reyes Chua (ikalima, mula sa kanan), katabi si Vice Governor Athena Tolentino.*



*Gov. JonVic Remulla (kanan) at isang opisyal ng joint venture agreement na pumpirma sa kontrata.*



*Cavite City Mayor Denver Reyes Chua kausap si Vice Gov. Athena Tolentino.*



*Ipinapakita ng mga ginoong ito na opisyal ng consortium kasama si Gov. Remulla (ikaapat mula sa kanan) ang mga kopya ng nilagdaang kontrata sa pagtatayo ng SPIA.*

# Sen. Gat Win solong nanindigan sa pagpapasara ng POGO



ANO'NG nangyari... iyan ang malaking tanong natin sa pananahimik ng mga senador na dati ay very vocal sa pagkontra patuloy na operasyon sa Philippine Offshore Gaming Operators ( POGO) sanhi ng kaliwat kanang krimen sa bansa partikular ang isyu ng human trafficking at kidnapping.



**SIGAW AT PANANAW**

**by Jojo SICAT**

Opo, napupuna natin na bakit tila na nag iisa na lamang si Senador Sherwin Win Gatchalian sa paninindigan na dapat nang ipasara ang POGO dahil mas marami pang krimen ang naidudulot nito kumpara sa kinikita ng gobyerno.

Kamakailan ay may ibinulgar si Sen. Win Gat na kalokohan sa POGO at ang lantarang pagsisinungaling ng mga personalidad sa POGO operations sa isinagawang pagdinig sa Senado.

Ito ay matapos na mariing itinanggi ng Soleil Chartered Bank (SCB), na nakabase sa New York, ang pagbibigay ng bank certificate sa third party auditor ng Philippine Offshore Gaming Operators (POGOs) na Global ComRCI consortium upang manalo ito ng P6 bilyong kontrata sa Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR) sa pag-audit ng mga POGO.

Sa hearing sa Senado, ipiresinta ng PAGCORang bank guarantee, na may petsang Hunyo 15, 2017, na sinasabing inisyu raw ng Soleil sa Global ComRCI na may halagang $25 milyon bilang pagsunod sa capital requirement na itinakda ng PAGCOR sa pagkontrata sa isang third party auditor na kikilatis sa kinikita at buwis na binabayaran ng mga kumpanya ng POGO sa bansa.

Sa liham na ipinadala kay Gatchalian, ito ay naglalaman ng tahasang pagtanggi mula sa Soleil na nagsasaad na hindi ito kailanman nag-isyu ng anumang bank certificate sa Global ComRCI.

Dahil dito, agad na inirekomenda ni Sen. Gatchalian ang agarang pagsasantabi ng kontrata dahil sa ginawang pamemeke o pagsisinungaling mismo sa pagdinig ng Senado.

Ano pa ba ang kailangan dahilan para tuluyan nang maipasara ang POGO?

Malinaw na maraming paglabag na sa batas ang operasyon ng POGO bukod pa sa krimen na dulot nito at ang hindi pagbabayad ng sapat na buwis.

Kaya nakakalungkot ang pananahimik ngilang senador sa isyu ng tuluyang pagpapasara ng POGO sa bansa.

Nakakalungkot kasi, na may ilang mambabatas ang nagpapahayag na makakaya pa namang mai-regulate ang POGO.

May nagsabi pa na sayang naman ang revenue mula sa POGO na sa totoo lamang, masyadong maliit kumpara sa perwisyong naidudulot nito tulad ng pagtaas ng mga insidenre ng kidnapping, human trafficking at iba pang krimen, na marami ay kagagawan ng Chinese employees at manlalarong China ng POGO.

Ay, susmaryosep malinaw pa sa salamin ng agila na wala nang maidudulot na mabuti sa bansa ang operasyon ng POGO.

Dahil sa paninindigang ito ni Sen. Sherwin Gatchalian, opo, gusto ko nang tawagin siya ngayon na Sen. Gat Win dahil sa pagmamalasakit niya sa kapakanan ng ating bansa.

Kudos Sir Sen. Gat Win sa inyong prinsipyo at paninindigan!

Para sa inyong komento, magmensahe lang sa jojosicat111765@hayoo.com

Happy reading!

# Ay, ang galing naman ni Sec. Boying



SA totoo lamang, miss na miss ko ang Cavite na mahigit ding 40 taon na dun ako namirmihan, na nagsimula dekada 80 hanggang nitong 2020 na dito muna, pansamantala ay sa Bulacan ako naninirahan.

Noong kabataan natin sa media, marami akong magagandang memories sa piling ng ating magagaling na Gov. Wapog (Juanito 'Johnny' Remulla Sr.), Gov. Ayong (Erineo S. Maliksi), Gov. Epi (Epimaco Velasco) na hindi ko na mapaglalambingan kasi, nasa langit na sila.

Siyempre, nami-miss ko ang mga mayor, mga politiko na naging kaibigan natin, at ang love ko na si Sen. Bong Revilla na naging gobernador din na marami nang utang na "paglalambing" sa akin.

Mommy Adela, sabi sa akin ng mga kaibigan kung kailan ako babalik sa Cavite, e sabi ko, dito muna ako sa Bulacan at may inaasikaso lamang akong personal na dahilan at problema.

Naalaala ko si Gov. Wapog kasi itong panganay niya na si Sec. Boying Remulla ay may magandang ginawa sa DOJ at ano ito?

Aba, nag-isyu siya ng Department Circular (DC) 011 na nag-aats na sa lahat ng mga kasong nasa inquest o preliminary investigation proceedings na ang mga respondent ay indigent o talagang walang-wala ay maibaba sa kalahati ang piyansa, kung ang kaso ay may may parusang death or life imprisonment.

Sabi sa balita, "Remulla set a cap of P10,000 bail bond for indigent respondents."

Nangyaring magdesisyon ng ganito si Boying -- na dati ring governor at 7th district congressman (ay magaling siya at sana, maging senador siya at ikakampanya ko siya nang husto) nang malaman na mayroong 330 percent



**Sa Ganang Akin**

**by Adela R. ZAMORA**

congestion rate sa New Bilibid Prison.

Kasi nga marami sa nakakulong ay mahihirap na walang kayang magpiyansa ng daan-daang libong piso o mas mababa pa, kahit ang mga kaso ay ay parusang isa o ilang taon lamang,

Nagsisiksikan ang mga bilibid natin, at sa ginawang ito ng kuya ni Gov. JonVic Remulla, mababawasan ang parang lata ng sardinas na kondisyon sa mga city, municipal, provincial jail.

Sa bagong policy ni Sec. Boying, maraming detainees na makalalayang pansamantala at luluwag kahit paano ang nagsisiksikang jail at detention centers sa bansa.

Nagmana itong si Sec. Boying kay Gov. Wapog na may pusong makamahirap, kaya masaya ako sa policy niya.

May suggestion lamang ako, kung puwede.

Why not, maglunsad ng fund raising campaign para magkaroon ng pondo na gagamitin sa pagbabayad ng piyansa at abogado para sa mga indigents.

Halimbawa sa Cavite at Bulacan 'yung mga NGOs at samahan ng media ay mag-request, sa malalaking private companies na mag-isyu ng checks na maidedeposito ng judge sa bangko para ma-withdraw na pambayad sa piyansa ng mahihirap na may kaso.

Halimbawa, isang street vendor o tricycle driver ay nakasuhan na ang pyansa ay P10K, e saan siya kukuha ng pampiyansa -- sa mga bail bond company o sa five-six ng bumbay?

Dun na sa pondong bigay ng mga kompanya kukunin ang pampiyansa, pwede kaya iyon?

Tapos, kung gustong kumuha ng private lawyer ang isang mahirap, dun sa pondong iyon kukuhanin ang ibabayad sa abogado -- na ang dapat na gawin naman ay kalahati lang ng kanyang attorney's fee ang kukuhaning bayad.

Mas maganda nga kung pro bono na lang ang gawin ng mga private practicing lawyer para sa serbisyong makatao nila.

Pwede kaya iyong suggestion ko na ito, Sir Sec. Boying?

Ay, bigla ko na namang naaalaala si Gov. Wapog Johnny Remulla.

Bakit "Wapog" -- ito ay mula sa salitang guwapo na binaligtad ang bigkas at ispeling: guwapoguwapog.


**BANTAY BALITA** NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Founder: HENRY E. CAOILE
Publisher: DOMZ B. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Copy Editor: LUKAS DA SILVA
Circulation Manager: LIZA FE BONETE
Contributing Writers: NOLI LIWANAG
GENE TAPARAN TAN
ED 'MUTO' G. CUENCA
LOD BELTRAN
JOJO SICAT
Contributing Editor RUEL FRANCISCO
Batangas Correspondent: JOSE ALEX MASBAÑO
Art & Production Manager: ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.



Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.



member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

BANTAY BALITA



CONGRATULATIONS TO THE WINNERS!

# Campus Life: Dr. Jose P. Rizal Senior High School holds Student Pageant

**by DOMZ B. CAOILE –** On Wednesday, Feb. 21, the Dr. Jose P. Rizal Senior High School in Barangay Sto. Cristo DBB!, Dasmarinas City held their Mr. and Ms Dr. Jose P. Rizal which was participated by Grade 11 and Grade 12 students from different sections.

Ten students emerged (five boy and five girls) finalists, according to Ms. Maria Lalaine Macayan Barrameda, principal of DJPSHS.

During the event, the hosts kept the pageant fun and interesting with banter and jokes.

There was never a dull moment thanks to untiring participations of the contestants much to the audience's amusement.

The contestants first walked out and they then answered randomized questions from the host.

After the question-and-answer portion of the pageant, the judges then evaluated their scores and announced the 10 finalists that was greeted with big claps and cheers from the delightful audience.

In a little "talk" with Principal Ma'am Lalaine, we learned that the school is one of the three (3) stand-alone senior Highh School in the City Schools Division of Dasmarinas operating since School Year 2017-2018.

Ma'am Principal Macayan Barrameda said the the DJPSHS was established by virtue of Resolution No. 102-9-2016 by the City Council on June 6, 2016.

"The school started operation in June 5, 2017. Mayroon kaming four-storey twelve (12) classrooms building at complete kami sa CBf laboratory, EIM laboratory. computer laboratory, Science Laboratory at mayroon din kaming Faculty Room," Ma'am Lalaine said.

The first school principal was Sir Julius Paleracio.


School Principal Lalaine Macayan-Barrameda

Since its establishment, Principal Lalaine, the school has delivered quality, accessible. inclusive and relavant education to their students.

"Pro-active kami rito, meaning, lagi kaming nag-a-update ng aming curricula para maka-adopt at maging responsive to the demands of the industry and the community," madam principal claimed.

The faculty, we asked: "Siniguro namin, ang aming faculty -- ang mga teacher -- ay competent and passionate na naide-deliver ang de-kalidad na edukasyon na dapat matanggap ng aming mga students," she said.

The school has produced competitive graduates since then who possess skills. competencies and values that are responsive to the needs of the industry and the community, Principal Lalaine claimed.

"Pwede ba kaming mag-enrol sa inyong school," I kidded Ms. Macayan Barrameda,

"'Yes, pero hindi para mag-aral, pwedeng teacher,"she said,

We both laughed and I bid goodbye.





# Naic LGU, MSWDO fully support activities, needs of Nay-Tay'

**by GENE TAPARAN TAN –** Following the celebration of Solo Parents Month held Friday at the Office of Naic Mayor Raffy Dualan, February 17,, solo parents have expressed their need for livelihood assistance from the local government through the Municipal Welfare and Development Office (MSWDO).


The new set of officers of Naic Solo Parents Federation proudly present copies of oath of office with Councilor Rod Castillo.

During the event, a new set of officers of Naic Solo Parents Federation (NSPF) were inducted into office by Councilor Rod Castillo assisted by MSWDO head Ms. Cristina Ilagan.

The federation offcers are: President Mayfair Mojica Antiniolos of Barangay Palangue Central; Vice President Mark Anthony E. Manalo, Brgy. Sapa; Secretary Gene Taparan Tan, Brgy. Makina; Treasurer Shirley E. Aninao, Brgy. Bancaan; Auditor Dennis T. Vasquez, Brgy. Capt. Nazareno; Business Manager Victoria Abapo, Brgy. Munting Mapino; Public Relations Officer (PRO) Roxane L Navarro, Brgy. Santulan, Sgt-at-Arms Joel C. Caparas, Brgy. Humbac.


Mayor Raffy at Junio DUALAN

New NSPF President Antiniolos asked MSWDO chief Ilagan how a member or a group of solo parents could avail of livelihood assistance.

"Sana po, sa pamamagitan ng inyong opisina, matulungan nyo kami na magkaroon ng livelihood assistance, ... mahirap po ang kalagayan ng mga tulad naming tatay na, nanay pa o kaya, nanay na tatay pa sa aming mga anak. Kaya tawag mo sa amin ay Nay-Tay na mga solo parents," said Antiniolos.

Ms. Ilagan said that request for livelihood assistance is possible since solo parents are one of the priority groups who are being assisted by her office.

She said that that the new expanded law for solo parents of 2022 (Republic Act 11861) provides many benefits and privileges for solo parents.

Of one these, said Ms. Ilagan,is the livelihood assistance program that could be extended to either individual solo parent member or as a group, depending on the need and resources available.

Councilor Castillo said that the local government through the Mayor Raffy Dualan and the Sanggunian Bayan led by Vice Mayor Jun Dualan fully support all the concerns of the 'Nay-Tay ' federation.

"As provided po sa ating batas, maraming benefits ang ibinibigay sa inyo, tulad ng P1000 per month subsidy, 10 percent discount at VAT exempitons sa pagbili ng baby products, kung mag-aaral may scholarship grant at marami pang benepisyo, ayon sa RA 11861," explained Councilor Castillo.


Other privileges accorded solo parents are: 1. No work discrimination; 2. parental leave; 3. Education benefits; 4. Child Minding Centers; 5.east Feeding in the workplace; 6. Cash Subsidy; 7. Discount and VAT (value added tax) exemption on buying baby products; 8. Automatic PhilHealth Coverage; 9. Prioritization and allocation in housing projects and many more.

"Tulad ng sinabi ng ating MSWDO officer na si Ms. Ilagan, handa ang kanyang opisina na tulungan kayo, at ang opisina po ng ating Mayor Raffy (Dualan) at Vice Mayor Jun (Dualan) at kami sa Sanggunian, kami po ay lubos na sumusuporta sa inyong mga pangangailangan," said Councilor Castillo.

In many occasion, Mayor Raffy Dualan has provided valuable assistance for the solo parents needs and concerns and likewise, Vice Mayor Jun Dualan has been giving recognition to the importance of single parents participating in a livelihood project since it will provide them with an additional source of income to help their families survive.

Before the event ended, Councilor Castillo challenged the new solo parents federation officers to perform their duties well and accomplish more activities that benefit their group.

In a message sent to the federation officers, Mayor Raffy Dualan expressed that his aadministration fully supports the activities of solo parents and their needs will be properly addressed knowing that to be a parent left solo with the responsibility of parenting entails huge challenges and sacrifices. / with ET II




Naic Councilor Rod Castillo



MSWDO head Ms.Cristina Ilagan explained to the officers of the Federation the benefits and privileges of solo parents under RA 11861.





# Bulacan VG Castro, Asia's Modern Hero Awardee 2023

**ni ADELA R. ZAMORA –** Bawat isa ay bayani kung isasapuso at gagawin ang tama sa paglilingkod sa bayan.

Ito ang mensaheng binigkas ni Bulacan Vice Governor Alex Castro sa pagtanggap ng tropeo bilang isa sa awardee ng Heroes' Legislative and Servant Leadership Excellence Award na ginanap na gawad parangal, Biyernes, Pebrero 17 sa The Grand Ballroom, Okada Manila sa Parañaque City.

Kinilala si Castro sa mahusay na panunungkulan bilang punong tagapagpaganap ng Sangguniang Panlalawigan (SPB)ng Bulacan at mahusay na serbisyo sa mamamayang Bulakenyo.

Bago nahalal na bise gobernador, naging miyembrro ng SPB si Castro.

Aniya: "Each one of us can be a hero. As long as our duties are in our hearts and we do everything right, we become heroes. It is a bonus if we are able to help people or if we were able to inspire people because when we inspire even one person, that person will do the same to others."

Sa panayam ng media, sinabi ni Castro na lalo niyang pag-iigihan ang trabaho sa Sanggunian Panlalawigan at inialay ang tropeo sa mamamayang Bulakenyo.

Nagagawa niya ang trabaho bilang bise-gobernador at mambabatas dahil sa tiwala at suporta ng mga kababayan, at ipinangako na lahat ng lokal na batas na lilikhain at pagtitibayin ng Sanggunian ay para sa kagalingan at kabutihan ng kababayan.

"Maraming salamat po sa karangalang ito na ipinagkaloob nyo sa akin," sabi ng bise-gobernador.

Iba pang tumanggap ng tropeo na gawad ng Legislative and Servant Leadership Excellence Award ngayong 2023 ay sina The Manila Times Chairman Emeritus Dante A. Ang as Heroes' Prominent and Empowered Journalist Leader of the Year; ang kanyang anak, si Manila Times Chairman and CEO Dante "Klink" Ang 2nd, as Heroes' Prominent and Iconic Chief Executive Leader of the Millennium.

Pinarangalan din sina Manuel V. Pangilinan, Pasig City Mayor Vico Sotto, Lt. Gen. Rhodel Sermonia, Anna Mae Lamentillo, Karen Davila at Lucy Torres-Gomez.

Kamakailan, kinilala si Castro bilang "The Most Promising Public Servant" ng PC Good Heart Foundation International, gayundin ay pinarangalan ng Dangal ng Bayang Pilipino na "Outstanding Public Servant" noong 2021.



Bulacan Vice Governor Alex Castro

# DOST-I empowers Pangasinan salt manufacturer with cGMP and Food Safety Training






**by CATHERINE L. LICAO –** The Department of Science and Technology Region 1 (DOST-I), through the Provincial Science and Technology Office (PSTO) - Pangasinan Field Office, conducted recently the Awareness Seminar on Food Safety (FS) and current Good Manufacturing Practices (cGMP) to two salt manufacturers at Barangay Amansabina, Mangaldan, Pangasinan.

The training aimed to give awareness on basic food hygiene and cGMP, to identify different food hazards and causes of food contamination, and to assess the sanitary condition and practices of each firm in conformity with GMP, basic food hygiene, and food safety requirements.

Nine participants from B.S. Cuison Enterprises and Libring Salt Refinery attended the training.

Hero D. Galamgam, Project Technical Specialist I, DOST-I Regional Standards and Testing Laboratory (RSTL), discussed the importance of food safety and cGMP.

He highlighted that every food handler must undergo food safety training for them to produce clean and safe food products. and afterwards, Mr. Galamgam checked how effective each participant was, through simulation of hand washing.

To ensure food safety in the region, DOST-I is committed to continue to collaborate with micro, small and medium enterprises (MSMEs) and consumers by providing lectures and assessment to businesses as part of their application in obtaining a license to operate requirement and to raise awareness for the benefit of the general public.

# LTO REGISTRATION RENEWAL, ONLINE NA!

INILUNSAD na ng Land Transportation Office - Philippines (LTO) ang online portal para sa mandatory registration renewal sa lahat ng sasakyan sa buong bansa nitong Martes, ika-14 ng Pebrero.

Inanunsyo ni LTO Chief Assistant Secretary Jose Arturo Tugade ang magiging proseso at mga hakbang na magdadala na mabilis na pagproproseso ng rehistro.

Kinakailangan munang kumuha ng Certificate of Coverage (COC) o insurance ng sasakyan at mapasuri ito sa Private Motor Vehicle Inspection Center (PMVIC) bago isagawa ang online transaksyon.

Binigyang linaw din ng LTO na tanging ang mga motorista lamang na mayroon ng record sa Land Transportation Management System (LTMS) portal ang maaaring makapag-sagawa ng plain renewal ng kanilang rehistro.

Bukas naman ang mga LTO District Office para magbigay assistance sa mga nais magpa-online registration. / Philippine Information Agency #ExplainExplain


## AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDICATION

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ABELARDO V. TOLENTINO,** who died on June , 2022 at James I, Gondon Memorial Hosptal, Olongapo City, Zabales, left a parcel of land covered by Tax declaration No. AC-00014-19075 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Felirico T. Macabangun, under Doc. No. 95, Page No. 20, Book No. XX, Series of 2003.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 6, 13 & 20, 2023**

## DEED OF EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT

NOTICE is hereby given that the estate of the late **MARCELO GALLE GARCIA,** who passed away on Arpil 10, 2021, left the following property and/or accounts with Metropolitan Bank & Trust Company (Metrobank) General Trias branch with Account No. 3543354005388 (SSS Pension Passbook) balance: P453,332.47, Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jo-ann R. Alcid, under Doc. No. 792, Page No. 54, Book No. 2, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 13, 20 & 27, 2023**

## EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE MACARIO R. ERNI JR. WITH WAIVER OF RIGHTS

NOTICE is hereby given that the estate of the late MACARIO R. ERNI JR., who died on Novemebr 27, 1990 at FEU-Hospital, Morayta, Manila, left parcel of land situated in Pantihan 3, Maragondon, Cavite, covered by Tax Declaration No. 13-0018-00166 containing an area of 3,435.98 square meters Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jo-ann R. Alcid, under Doc. No. 726, Page No. 41, Book No. 2, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 13, 20 & 27, 2023**

# VM Rowena Bautista Mendiola: We are celebrating!

ni Eli TAPARAN II – Tunay ngang napakabilis ng panahon.

Ito ang nasabi ng napakaganda pa ring anak ng yumaong aktor-senador, Ramon Bautista Revilla sa sariling Fcebook account ni Bacoor City Vice Mayor Rowena Bautista-Mendiola.

Aniya, isang memorable and historic day ang pagdiriwang ang 4th Foundation Anniversary ng Southern Tagalog Regional Hospital -- na dati ay kilala sa tawag na Bacoor City District Hospital.

Natatandaan ko, labintatlong (13) taon ang nakalilipas nang naitanong ko kay Don Ramon (malambing na palayaw naming Cavite reporter sa kanya), bakit naisipan niyang mag-donate ng lupa at siya mismo pa ang magtatayo ng ospital na iyon.

Natatandaan kong sinabi niya na iyon ang nais niya maiwanang pamana sa mga kababayan sa Cavite, lalo na sa mahihirap na walang ikakayang makapagpagamot.

"Nakakaawa sila na kailangan pang magpunta sa Maynila para lang makipagsiksikan sa PGH o sa ibang government hospital, e kung mayroon na tayo rito sa Bacoor, di ba mas mainam iyon?" aniya.

Ito rin ang sinabi ni Vice Mayor Rowena -- na sa pagkatanda ko -- siya ay naging number one councilor sa Imus noong ito ay munisipalidad pa.

Sa mga di-nakakaalam, ang tunay na pangalan ni Don Ramon ay Jose Acuna Bautista na noon pa man ay kilalang pamilya sa Cavite.

Taglay ang kisig, gandang lalaki at matipunong katawan at makarismang karakter sumikat sa pelikula si Don Ramon sa screen name niyang Ramon Revilla.

Lalong nagningning ang kanyang bituin sa pelikula nang isapelikula niya ang buhay ni Leonardo Manecio mas kilala sa bansag na "Nardong Putik" noong 1972.

Kontrobersiyal si Nardo na kilabot na kriminal pero tinawag na "Robinhood ng Cavite."

Hindi ko lang matandaan kung kailan at paano niya naisip na gamiting Ramon Revilla ang kanyang screen name na nang lumaon, ito na ang kanyang naging legal name -- na ginagamit ng kanyang pamosong anak, si Sen. Ramon 'Bong' Revilla Jr., kapatid na Bacoor Mayor Strike Revilla, at ng mga anak ni Sen. Bong na sina Cong. Jolo Revlla at Cong. Bryan Revilla, at maging ang asawa niya, dating Bacoor Mayor ngayon ay Cong. Lani Mercado Revilla.

Parang kailan lang, sabi nga ni VM Weng Bautista ang plano ng kanyang ama na maitayo ang ospital sa idinonasyong lupa sa Revllla Business Park, Barangay Habay 2.

Sabi ni VM Rowena;" xxx it was set in his mind na doon itatayo ang hospital ng Bacoor, para sa mga Bacooreño. And true enough, Bacoor District Hospital was born."

Kaya nga emosyonal sila ang pamilya Bautista-Revilla selebrasyon kamakailan ng pagkatayo ng ospital -- mula sa kagandahang loob ni Don Ramon.

Sa selebrasyon, pinasalamatan ni VM Rowena si dating Pangulong Rodrigo Roa Duterte, aniya: "Nagpapasalamat tayo kay dating Pangulong Rodrigo Duterte for making possible the enactment of Republic Act 11233 during the 17th Congress, upgrading the Bacoor District Hospital into a level 3 general hospital to be supervised by the Department of Health."

Siyempre pa, kasama sa pinasalamatan ang mga mambabatas, DOH, ang pamahalaang panlalawigan ng Cavite, at sina Sen. Bong Revilla Jr., Congw. Lani Mercado-Revilla.

Gayundin, pinasalamatan ni VM Bautista-Mendiola ang mga kababayang Bacooreño na patuloy sa suporta at tiwalang ibinibigay sa kanila na mga lingkod-bayan ng siyudad.

"xx of course, our fellow Bacooreños who continuously inspire us to extend the best social and health services possible. At noon nga pong January 2020, pormal na inilipat ang pamamahala ng STRH sa DOH.," sabi niya.

Sa paglagda sa memorandum of agreement sa partnerships ng STRH, natupad ang pangarap ni Don Ramon na makapagbigay ng serbisyong medikal sa mga kababayang Bacooreños, "lalo na ang mga walang kakayahan o oportunidad sa mga serbisyong medikal."

Sa huli, sinabi ni Ma'am Rowena sa kanyang FB page: "Again, congratulations to the Southern Tagalog Regional Hospital. With God's grace, we are slowly but surely becoming closer to realizing the dream of providing better and more accessible health care and medical."

At cute ang hashtag nila: #AtYourSerVICE #StrikeAsOne #SaBacoorAtHomeKaDito




*Photo ops: Si DoH officer-in-charge Dr. Maria Rosario Vergeire, sa gitna katabi ni Sen. Ramon 'Bong' Revilla Jr., naging panauhing pandangal sa pagdiriwang ng 4th Foundation Anniversary ng Southern Tagalog Regional Hospital. Kasama sa larawan ang mga opisyal ng Bacoor City Government, Mayor Strike Revilla, Vice Mayor Rowena Bautista-Mendiola, Cavite 2nd Dist. Representative Lani Mercado-Revilla, Agimat Partylist Rep. Bryan Revilla at mga opisyal ng STRH, at mga opisyal ng DoH.*



*Sen. Bong Revilla, DoH OIC Dr. Vergeire, Rep. Lani Revilla*



*Vice Mayor Rowena Bautista- Mendiola, isang opisyal ng DoH, Mayor Strike Revilla*



*VM Bautista-Mendiola na tinitingnan ang ilang naka-display na larawan ng STRH*



*Nagbabatian ang mga panauhing bisita sa selebrasyon.*



*(Ang aming Editorial Consultant, Boss Eli Taparan II ay kasalukuyang nasa Vancouver B.C. Canada para sa patuloy na pagpapagamot ng sakit niyang prostate cancer -- na ayon sa huling sabi niya, "Improving na ang health ko, at yung nakitang symptoms ng leukemia, nawala na."*

*Retirado nang journalist, dating editor ng maraming weekly magazine at daily newspaper ng dekada 80-90 hanggang 2007 si Boss Eli.*

*Dating PIO ng Cavite Provincial Government, Imus City Government at naglingkod, pro bono media relalion officer ni dating Vice Gov. at ngayon ay District 1 Rep. Jolo Revilla.*

*Consultant din si Boss Eli ng tatlo pang pahayagan at ilang Cavite politicians, gratis et amore ang serbisyo niya.*

*"Ok lang, para hindi ako maburyong dito at hindi kalawangin ang utak ko," aniya.*

*Tila mas matalas pa ang memorya niya sa edad 77.*

*Nagsimula na rin siyang gumawa ng Vlog, Father and Son TV, kasama ang anak niyang nars. -- DOMZ B. CAOILE, publisher)*

# Konting angas, konting bagsik, Mr. President BBM

KAYA pa ba, tanong sa akin ng aming business partner, Boss Eli (Taparan), ito ay tungkol sa "magastos" na paglalabas ng pahayagang ito, BantayBalita.

Kaya pa naman at may babasagin pang alkansiya at may naiipon pa kaming barya.

Palakasan lang 'yan ng loob at sa pagtutulungan namin ni Boss ET, maitatawid ang BantayBalita na aming "BB" aka BeyBi.

@@@

Kumusta na ang "diwa" ng EDSA Uno na walang sigla, walang ingay na iselebra ng iilan na lamang sikat na personalidad noon mga unang taon ng Cory administration.

Karaniwang tanong kasi, after 37 years, ano bang magandang nangyari nang maibalik daw ang "democracy" sa pagpapalayas sa tatay ni Prez. Bongbong Marcos sa Malakayang?

Mga akstibista lamang naman, mga leftist sa tingin ko ang nag-iingay ngayon, lalo na at kalat ang nabistong sabwatan ng Yellow Army at ng US na kumidnap kay Apo Lakay na imbes dinala sa Paoay, Ilocos Norte, e inilipad ng helicopter sa Hawaii.

Guminhwa ba tayo, kasi 'yan ang pangako ng EDSA Uno, at asan ang nabawing "nakaw" na yaman daw ni Macoy?

Marami sa lolo at lola na nakakausap ko, noon daw panahon ni Apo Lakay, mas maginhawa, mas tahimik ang buhay, ginulo lang ng mga rebeldeng NPA na sa lumulutang na istorya, e si Ninoy Aquino at Joma Sison ang kapwa nagtayo ng Communist Party of the Philippines.

E si Joma pala ang nagpasabog ng Plaza Miranda na pumatay ng maraming tao sa rally ng Liberal Party na iniwasang puntahan ni Ninoy, kasi alam pala niya na pasasabugin iyon para ibintang kay Marcos Sr. at nang magalit ang taumbayan -- na nangyari nga.

Mismong si Sen. Jovy Salonga na kapartido ni Ninoy ang nagasabi na totoo ngang may alam ni Aquino sa pagsabog ng kanilang campaign rally sa Plaza Miranda.

Ay ang daming kuwento pa na ito yata ang tema ng pelikulang "MoM" (Martyr or Murderer) ng very controversial young director Daryl Yap ng blockbuster movie na "Maid in Malakanyang."

Sasabayan daw ang "MoM"sa mga sinehan ng "Oras de Peligro" na gawa ni Direk Joel Lamangan, kaya abangan kung sino ang tatabo sa takilya o maliligo nang nakatabo sa kasilyas sa kahihiyan.

@@@

Sabi ni PBBM, in two-year time, kayang maging sufficient tayo sa bigas, kasi itotodo na ng kanyang gobyerno ang suporta sa agri sector.



REVANZE

by Domz B. CAOILE

Pero ilang araw lang, e kinontra na ito ng Agriculture Department na nagsabi ng kung ano-anong palusot at hindi raw makakaya na magkaroon tayo ng food security o sapat na supply ng pagkain, as predicted by Prez. Bongbong Marcos.

Ay unahin muna nga ang onion at garlic cartel at pwede po, pakiusap kay PBBM, pagsisibakin mo nga ang inutil na DA at DTI officials kasi, may kasabwat ang sindikato ng price manipulation, hoarding at profiteering sa BOC at sa agri at trade officials mo.

Konting angas naman po, konting bagsik naman po, Mr. President Marcos!

@@@

Marami tayong kilalang pulis mula sa non-commissioned officer at sa middle ranking at full colonel na di maitago ang dismaya kay DILG Sec. Ben Hur Abalos Jr. at kay PNP chief Rodolfo Azurin Jr.

Mantakin mo na dahil sa mahinang kumilos laban sa mga tiwaling pulis, pinag-courtest resignation ang mga koronel at general para raw malinis ang pulisya sa mga sangkot sa ilegal na droga.

Anak@^%$#!, e ano ang silbi ng inyong intelligence and investigation branch, Napolcom, IAS at di kayo makalikom ng hard evidence sa mga lokong durugista at nagbebentang pulis droga.

Kasuhan nyo, kasi sakop ng Civil Service at presumed innocent until proven guilty ng korte ang inapi nyong pulis, Sir Abalos, Sir Azurin.

Masyado kayong judgmental at kung sisibakin nyo ang sa paniwala nyo ay guilty, maiaapela yan kasi labag sa batas yun.

Ginulo ni Abalos ang operasyon kontra droga, kaya wala nang gana ang matitinong pulis na magtrabaho pero ang mga pulis kotong, pulis droga, e natutuwa kasi, puro angas lang at walang gawa itong namumuno ngayon sa war on drugs.

@@@

Sa Lunes, Peb. 26, malalaman na natin kung sino ang bagong 7th District Congressman, e ang balita natin, liyamado itong pamangkin ni Gov. JonVic Remulla kontra sa mahigpit nitong katunggali.

Yes, Bokal Ping Remulla at dating Trece Martires City Mayor Jun de Sagun ang labanan, at ang ating masasabi, manalo ang mas magaling.

Belated Happy Birthday nga pala sa ating byuting Imuc City Councilor Jelyn LaoSantos Maliksi.

Saan kaya nag-celebrate sila ng ating former City Mayor Emmanuel L. Maliksi.

Belated happy birthday rin sa ating multi-awarded Imus City Librarian, madam Rose Roman.

Sa mga magbe-berday pa ngayong Pebrero, sa inyong lahat, maligayang pagtanda... pa!

Calling Bishop Eric I. Santos,... kumusta na ang ating miting sa Kawit, anyare na po?

Para sa inyong comment, humirit lang sa domzcaoile@yahoo.com

Hello March, malapit na ang tag-init.


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 21 10.00 FEBRUARY 20 - 26, 2023




# POC picks Remulla as PH chef de mission

**by JIMWELL AQUINO** – The Philippine Olympic Committee (POC) has designated Cavite Governor Jonvic Remulla as the country's official chef de mission for the upcoming 2024 Paris Olympics.

POC President Bambol Tolentino announced on Tuesday that Remulla is set to replace Samahan ng Basketball ng Pilipinas (SBP) President Al Panlilio, who declined the post due to reasonable events.

The POC believes Remulla is capable of handling his new role because he is also the honorary chairman of the rowing association and the team manager of the University of the Philippines (UP) men's basketball team.

"We understand Al's situation so we decided to appoint a new CDM for the Paris Olympics, somebody who has a great passion for sports, a true sportsman, somebody who has leadership, a workhorse and that's Governor Jonvic," Tolentino said.

"We at the POC are confident that he can get the job done. He's a true sportsman and very dedicated to helping athletes," he added.

Remulla, as chef de mission, will be in charge of leading the delegations of the national sporting team at international events such as the Olympics.

# Mendez-Nunez humakot ng pagkilala mula sa DOD-CHD Calabarzon




TUMANGGAP ng maraming pagkilala ang Mendez Rural Health Unit (RHU) sa ginanap na Sulong CALABARZON, Sulo ng Kalusugan 1st Integrated Regional Awarding and Recognition ng Department of Health Center for Health Development (DOH-CHD) Calabarzon kamakailan.

Kinilala ang Mendez RHU ang Municipality with Highest Booster Dose Vaccination Coverage 3rd Place; Municipality with Highest 12-17 Vaccination Coverage 2nd Place; Municipality with Highest A2 Vaccination Coverage 1st Place, at Municipality with Highest Fully Vaccinated Overall Coverage 1st Place.

Ikinatuwa ni Mayor Cocoy Mendoza ang natamong parangal ng RHU, kasunod ay ang pasasalamat sa mga opisyal at tauhan at iba pang tao na tumulong upang makamit ng Mendez-Nunez ang mga nabanggit na pagkilala.



**Mayor Cocoy MENDOZA**

Pinasalamatan din ang kontribusyon ng mga Barangay Officials, Barangay Health Workers (BHW), Barangay Nutrition Scholars (BNS), mga volunteer gayundin ang mga lahat ng mamamayan na nakiisa sa bakunahan kontra Covid-19. | Ruel Francisco, Cavite PIA via LGU of Mendez-Nuñez